Highest in 60+ years. Dr. Perez estimated that the 2021 number of deaths already indicate the highest annual death statistic in the Philippines' recorded medical history: "In 2019 and 2020, the mortality rate was about the same at 5.8 per 1,000 Filipinos. By the end of 2021, I believe it reached 7.5 or 8 per 1,000—not the highest mortality rate ever in the country, but certainly the highest number of Filipinos dying in a single year."

Referencing the Department of Health's earlier editions of Philippine Health Statistics, POPCOM's executive director disclosed that the last time the Philippines experienced the same level of mortality rates were in 1958 to 1959, where it reached between 7.3 and 8.4, but at that time "only 218,816 died."

From a health standpoint, he enjoined concerned national and local governments agencies to increase investments in the health workforce and public-health programs dealing with increased morbidity of the leading causes of disease which require improving primary health-care systems throughout the country. Mortalities at high numbers also indicate the need for acute health-care services at higher levels of care, such as provincial hospitals and regional medical centers.

"The challenge to the Philippine health system is both acute and unprecedented. Local health systems would need to be augmented by additional investments in health systems capacity and its resilience to respond to acute health crises," Dr. Perez recommended. ***(POPCOM)***

# Imported vehicle sales grow 14% in 2021

**MANILA** – The appetite of the local market for imported vehicles recovered in 2021 as sales grew 14 percent compared to 2020 numbers, the Association of Vehicle Importers and Distributors (AVID) reported Monday.

AVID said imported vehicle sales last year increased to 58,916 units from 51,851 units in 2020.

The double-digit growth in sales of light commercial vehicles offset the 9 percent decline of passenger car sales last year.

Imported light commercial vehicles sold 42,871 units in 2021, higher by 23 percent than the 34,896 unit sales in 2020.

Sales of outsourced passenger cars in the previous year decreased to 15,092 units from 16,650 units sold a year ago.

On the other hand, commercial vehicle sales jumped 212 percent to 953 units from 305 units in the same period.

Month-on-month, AVID members' cumulative sales increased by 7 percent to 5,259 units in December last year from 4,903 units in November.

Some 4,110 units sold in the previous month were light commercial vehicles, 1,140 units were passenger cars, and nine units of commercial vehicles.

AVID president Maria Fe Perez-Agudo said easing the mobility towards the latter part of the year has contributed to the recovery of the industry.

"You cannot downplay the importance of mobility in the reopening of the economy, gradual though it may be," Perez-Agudo said. "With unwavering confidence in the market and in the quality of our product and service offerings, AVID members are determined to build on these gains and look forward to an even better normal in 2022." ***(PNA)***

# CHIZ: DAPAT ISALI ANG JO, KONTRAKTUWAL SA DAGDAG-SUWELDO

**Sinabi ni senatorial aspirant at Sorsogon Gov. Chiz Escudero na dapat magkaroon ng karagdagang suweldo at benepisyo ang lahat ng empleyado ng pamahalaan, kontratuwal man o permanente, kung may gagawing bagong batas para sa panibagong pagtaas ng suweldo ng mga nagtatrabaho sa gobyerno.**

Nagkabisa nitong Enero ang Salary Standarization Law (SSL) 5 kung saan tumaas ang suweldo ng mga civilian personnel ng gobyerno na naka-plantilla subalit hindi kasali rito ang mga naka-job order, kontraktuwal, at temporary.

"Kung may batas mang gagawin, dapat isaklaw o isama ang temporary, job order at contractual workers dahil sa totoo lang, sa pananaw ko, pareho lamang ang ginagawang trabaho ng contractual and job order at ng permanente," ani Escudero.

"Ngayong panahon ng pandemya, hindi puwede na may mga piling kasali lang at may mga etsapuwera o iyong may mga dagdag-suweldo at iyong mga wala. Kung may agwat sa kanilang kinikita, pag-abutin sana ito at huwag na sanang palawakin pa ang agwat," pagbibigay-diin ng beteranong mambabatas.

Ayon sa numero noong Agosto 2021 mula sa Civil Service Commission (CSC), may naka-job order (JO) at contract of service (COS) na 582,378 empleyado.

Naniniwala ang dating senador na makakaya naman ng gobyerno na hanapan ng taunang pondo ang pagsasama sa mga di-permanenteng posisyon sa mga karagdagdang suweldo at benepisyo.

"Nais ko na bigyan ng tamang kompensasyon at pagkilala ang kanilang binibigay na sakripisyo at pagiging bayani lalo na sa panahong ito ng pandemya. Kung ang sasabihin nila (gobyerno) na kulang at walang pera, hindi ako naniniwala doon. Kung may pera nga para bumili ng ilang kagamitan na hindi kailangan, may pera din dapat sila para sa tunay na naaasahan sa panahon ng pandemya," pagbibigay-diin niya.

Nilalaman ng Republic Act 114661 o ang "Salary Standardization Law of 2019" ang mga karagdagang suweldo at benepisyo na ibibigay ng apat na bagsak na nagsimula na noong 2020 at matatapos hanggang susunod na taon at ito'y mapapakinabangan ng 1.6 milyong empleyado ng gobyerno na naka-plantilla.

Maliban sa karagdagang suweldo at benepisyo, sinabi ni Escudero kung maaari ring pag-aralan ng pamahalaan na gawing permante ang mga JO/COS, lalo't kung maraming taon na silang nagtatrabaho sa gobyerno at mataas naman ang kanilang performance rating na aniya'y puwede ring pag-aralan ng CSC bilang mga pamalit sa kahingiang pasadong civil service exam.

Samantala, inihayag ng gobernador ng Sorsogon na sinimulan nang ipatupad ng kanyang administrasyon ang isang budget circular na nagsasaad ng pagtaas ng suweldo ng mga nurse sa pampublikong ospital bilang pagtugon sa ikatlong bagsak ng SSL 5 na epektibo na ngayong buwan. ***PR***

# Batangas, pilot para sa Province-led Agriculture and Fishery Extension System

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)--** Ibinida ng Department of Agriculture IV-CALABARZON (DA-4A)ang matagumpay na implementasyon sa isinagawang assessment at pagpaplano kaugnay ng Province-led Agriculture and Fishery Extension System (PAFES) noong ika-27 ng Enero .

Ang lalawigan ng Batangas ang pilot province sa rehiyong Calabarzon para sa naturang programa.

Layunin nitong maipatupad ang Collaborative Agri-fishery Extension Program (CPAFEP) o mga isasagawang pang-agrikulturang programa at proyekto ng DA-4A na katuwang ang mga lokal na pamahalaan, state universities and colleges (SUCs), at civil society organizations (CSO).

"Ang PAFES ang platform upang masigurong mai-incorporate ng LGU ang mga plano. The role of the Department is to stir. The role of the LGU is to roll(gampanin ng tanggapan na timplahin ng ayos habang ipinapalagana naman ng lokal na pamahalaan)," paliwanag ni DA Assistant Secretary for Operations at DA-4A Regional Executive Director Arnel V. de Mesa.

Kaugnay ng pagkakatatag ng PAFES sa Batangas, bumuo noong nakaraang taon ang DA-4A ng technical working group (TWG) na tututok sa mga proyektong kabilang sa CPAFEP.

Kabilang sa TWG ay ang Office of the Provincial Agriculturist (OPA) at provincial veterinary office (ProVet) ng Batangas, DA-4A Agricultural Training Institute (ATI), DA Bureau of Agricultural Research (BAR), Philippine Rural Development Project (PRDP) CALABARZON, at ang Batangas State University (BatStateU).

Naghanda rin noong nakaraang taon ang mga miyembro ng TWG para sa implementasyon ng mga proyektong kabilang sa CPAFEP sa pamamagitan ng pagsailalim sa iba't ibang orientasyon, pagsasanay, workshops, at seminars.

Nakipag-ugnayan din sila sa mga stakeholders na magiging katuwang sa mga proyekto, at pinag-usapan at pinagkasunduan ang appraisal sa mga proyekto.

Ilan sa maituturing na malalaking proyekto ng PAFES sa taong ito na nakatakdang simulant ang pagtatayo ng Meat Establishment Complex sa Ibaan gayundin sa Batangas Port at Meat Academy sa Lipa.

Samantala, ilan pa sa mga proyektong pang-agrikultura na isasagawa ay ang: pamamahagi ng mga binhi at kagamitan sa pagtatanim at pangingisda; pagsasagawa ng mga programa sa plant propagation, crop diversification, crop protection, at bangus, oyster, maliputo, and mud crab production; pagbibigay ng soil fertility management services; at pagtatayo ng learning sites.

Magpapatuloy din ngayong taon ang pagdaraos ng mga pagsasanay, workshops, at seminars sa mga grupong kasama sa PAFES, maging ang pakikipag-ugnayan sa mga stakeholders gayundin ang pagbuo sa mga non-pilot provinces sa rehiyon. ***(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas/ DA Calabarzon)***

# Koleksiyon ng LBC, tinakbo ng 'bisor

**ISANG** branch supervisor ng LBC ang tumangay umano ng kulang kalahating milyong pisong koleksiyon ng kumpanya sa Trece Martires City, Cavite Lunes ng gabi.

Kinilala ang suspek na si Andrew Laureto de Jesus, 42, LBC Team Head Supervisor, ng 41 Biga 1, Silang.

Inireklamo siya ni Teodoro Ambrad Anciano IV, 38, delivery manager Cavite hubs.

Sa ulat ni PSSgt Rodolfo Reyes, ng Trece Martires City Police Station, pinaniniwalaang naganap ang insidente sa pagitan ng alas-7:00 Linggo ng umaga hanggang 1:00 Lunes ng hapon sa tanggapan sa Cavite 3 LBC Hub, 3609 Governor's Drive, Brgy Cabuco.

Sa reklamo ni Anciano IV, dakong ala-1:00 ng hapon ay napunang nawawala ang P488,608.00 na koleksiyon ng kumpanya na nakatakda sanang i-deposit ng araw na iyon.

Tinangka nilang tawagan si De Jesus sa kanyang cellphone subalit hindi na makontak at lahat ng social media accounts niya ay deactivated na.

Pinuntahan din siya sa address na ibinigay nito sa kumpanya subalit hindi rin nakita. ***GENE ADSUARA***




# PHARAOH'S STAR, SWAK SA BALYA!

Swak na swak ang ginawang pagremate ng tersera liyamadong kabayo na si Pharaoh's Star matapos na makahanap ng magandang madaraan sa tabing balya upang angkinin ang titulo ng 2022 Philracom 3YO Maiden Stakes Race na inilarga sa karerahan ng San Lazaro Leisure Park sa Carmona, Cavite. Mahusay na pagmamaniobra ang ipinamalas ng class A rider na si Jeffrey Barbosa Bacaycay sa ibabaw ni Pharaoh's Star matapos na isunod lamang sa likuran at maghintay ng magandang tiyempo sa pagremate. Sa umpisa ng laban ay nakalundag ng maaga ang segunda liyamado na si Ipolitika ni Mark Alvarez, kasabay si King Hans na sinakyan ni Danny Boy Camanero, ngunit agad naman na umarangkada sa gawing labas si California King ni John Alvin Guce upang mahawakan ang bandera, kasunod sa bandang gitna ang paborito na si Elegant Lady na nirendahan ni Rodeo Fernandez, nakamasid naman sa ikalimang posisyon si Pharaoh's Star, pang-anim si Cash Is King ni Jessie Guce, kasunod si Darna na ginabayan ni Pabs Cabalejo, pangwalo si Chloespirit ni Oniel Cortez habang si Spaghetting Pababa na lulan ni John Paul Guce ang bugaw sa takbuhan. Sa unang kurbada ay matatag na nakapuwesto sa harapan si California King, kasunod si Elegant Lady, pangatlo nang may tatlong kabayong agwat si Ipolitika at pang-apat si King Hans. Pagdating sa medya milya ay nabigyan ng pressure sa unahan si California King matapos na bulabugin at bahagyang lutsahin ni Elegant Lady, habang kumikilos na sa panglima ang bida na si Pharaoh's Star. Papasok sa tres oktabos ay nasa harapan pa rin si California King at nagkukumahog naman si Elegant Lady na makalapit sa unahan, habang nagpapainit pa rin sa panglima si Pharaoh's Star. Sa far turn ay tangan pa rin ni California King ang bandera, habang bumubulusok naman ang winning horse sa tabing balya. Sa huling 100 meter ay dikdikan ang naging labanan sa pagitan nila California King at Pharaoh's Star ngunit sadyang mas malakas ang dating ni Pharaoh's Star kaya pagdating sa huling 50 meter ay naging klaro na ang kanyang kalamangan. Tinawid ni Pharaoh's Star ang meta ng may isa't kalahating agwat laban sa nasegundo na si California King. Naorasan si Pharaoh's Star ng tiyempong 1:37.2 (17'-25-26-29) para sa distansiyang 1,500 meter. Nasungkit ng may-ari ni Pharaoh's Star na si Ginoong Jimmy Calomot ang premyong P720,000 bilang 1st prize. Nakakahamig din ang koneksiyon ni California King ng P240,000 bilang 2nd place. Nakakubra naman sina King Hans, Ipolitika, Elegant Lady at Darna ng premyong P120,000, P60,000, P36,000 at P24,000 bilang 3rd, 4th, 5th at 6th ayon sa pagkakasunod para sa kabuuang P1.2M guaranteed prize na inisponsoran ng Philracom. Matatandaan na si Elegant Lady ang nagwagi sa trial run ng 2022 Philracom 3YO Maiden Stakes Race na ginanap noong Enero 19, 2022 sa parehong karerahan. Ngayon ay ipinakita at pinatunayan ni Pharaoh's Star sa bayang karerista ang kanyang bilis at galing.

# MIYEMBRO NG AKYAT-BAHAY, 2 ULIT SUMALAKAY PARA MAKAPAGSUGAL

**ARESTADO ang 32-anyos na hinihinalang miyembro ng akyat-bahay gang na tumangay ng P7,600 cash sa dalawang bahay para may pantaya sa cara y cruz sa Bacoor City, Cavite Martes ng hapon.**

Kasong two counts of robbery at paglabag sa PD 1602 (cara y cruz) ang kinaharap ng suspek na si Arnel Tanael, Jr. y Apostol, alias "JR," dahil sa reklamo ni Jenica Tejada y Tanael, 31, single, self-employed; at Butch Vargas y Tabigue, 33, single, fish vendor.

Sa ulat ni PMSgt Edison Fetalcurin, ng Bacoor City Police Station, alas-3:35 ng hapon naaresto ang suspek habang naglalaro ng cara y cruz sa Brgy Talaba 2.

Nauna rito, ala-1:00 Martes ng madaling araw ay nilooban ng suspek ang bahay ni Tejada sa pamamagitan ng pwersahang pagpasok sa likurang bintana ng bahay at tinangay ang P3,600 cash.

Hindi pa nakuntento, alas-2:00 ng madaling araw ay puwersahan din na pinasok ng suspek ang harapang pintuan ni Vargas at tinangay ang OPPO cellular phone na nagkakahalaga ng P7,000 at P4,000 na cash money.

Matapos ang insidente, nagsumbong ang dalawang biktima sa tanggapan ng kanilang barangay dahil nakilala nila ang suspek.

Agad namang nagsagawa ng follow up operation ang mga tanod ng Brgy Talaba 2 kung saan naaresto ang suspek sa aktong naglalaro ng cara y cruz at narekober ang P116 na pusta at pangara. ***GENE ADSUARA***

# Obrero, dedo sa poste ng meralco

**PATAY** ang 23-anyos na construction worker nang nadulas ang minamanehong motorsiklo at bumangga sa poste ng ilaw ng kuryente sa Imus City, Cavite Martes ng hapon.

Naisugod pa sa Ospital ng Imus ang biktimang si Nabil Hadji Satar, ng Datu Ismael, Brgy. H2, Dasmariñas City subalit hindi na umabot ng buhay sanhi ng matinding pinsala sa katawan.

Sa ulat ni PSSgt Wilfred Ocampo Guevarra, ng Imus City Police Station, ang biktima lulan ng kanyang motorsiklong Honda TMX 125 at binabagtas ang NIA Road patungo sa direksiyon ng Open Canal sa Brgy Malagasang 2C, dakong 10:45 ng gabi.

Pagsapit sa lugar ay nawalan umano ng kontrol sa manibela at nadulas ang gulong ng kanyang motorsiklo at dumiretso sa poste ng Meralco.

Dahil sa pangyayari, tumama ang ulo nito sa poste at agad na isinugod sa ospital subalit idineklarang dead on arrival. ***GENE ADSUARA***

# Pekeng sundalo, tiklo

**TIKLO** ang isang pekeng Army habang naglalakad at may sukbit na baril sa baywang sa Imus City, Cavite Huwebes ng hapon.

Kinilala ang naaresto na si Villardo Zape Peradilla Jr., 40, may-asawa, online seller, at residente ng ACS Apartment D, Brgy. Bayan Luma 7, Imus City.

Sa ulat ni PSSgt Mark Anthony Salvador, ng Imus City Police, alas-2:00 ng hapon nang dumputin ang suspek habang namataan sa Brgy Bayan Luma 4.

Ang pagkakaaresto kay Peradilla ay bunsod sa reklamo ng ilang concern citizen kung saan kahina-hinalang namataan na naglalakad ang suspek sa lugar habang nakasuot ng uniporme ng militar at may sukbit ng baril sa baywang.

Agad namang rumesponde sa tawag ang mga operatiba ng POPI, Imus CPS kung saan naabutan ang suspek sa lugar at narekober ang isang replica na kalibre ng baril at wala ring Identification Card (ID) na magpapatunay na isa siyang miyembro ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Paglabag sa RA 10591, Omnibus Election Code and Usurpation of Authority ang isinampang kaso laban sa suspek. ***GENE ADSUARA***

# 20 'tulak' nadagit sa buy bust

**TINATAYANG** mahigit sa P88K halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam at isang kalibre ng baril sa pagkakaaresto sa dalawang umano'y drug pushers habang 18 iba pang 'tulak' ang dinampot sa isinagawang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite Biyernes ng madaling araw.

Kinilala ang dalawang tulak na naaresto na sina Jess Vergel Joaquin Y Ordoñez, 39, binata; at Richard Peña Y Lo, 35.

Sa ulat ni PMSgt Christian Nel Cuevas, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-5:30 ng gabi nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Bacoor CPS sa Mary Homes Subd., na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto at nasamsam ang 13 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P88,400 na nakuha sa loob ng isang itim na tactical bag, buy bust money at isang kalibre 45 at pitong bala.

Samantala, labingwalong iba pang tulak ang binitbit sa isinagawang buy bust operation sa anim na lungsod at tatlong bayan sa pagitan ng alas-5:25 Huwebes ng umaga hanggang alas-5:20 kinabukasa ng umaga.

Tig-dalawa na tulak ang binitbit sa buy bust operation sa lungsod ng Cavite, Imus, Bacoor, Trece, Dasmarinas at Gen Trias; Kawit, Indang at Naic o kabuuan na 18. ***GENE ADSUARA***

# Sumalpok sa Revo, tepok

**HINDI** na umabot ng buhay sa ospital ang isang rider nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa Toyota Revo Wagon sa Kawit, Cavite Miyerkules ng madaling araw.

Kinilala ang biktima na si Jolito Obnimaga, nasa wastong edad, habang ang driver ng Toyota Revo Wagon na may plakang XPE 410 aya si Jayferland Teofilo y Tabios.

Sa ulat ni PSSgt Jason Murcia, ng Kawit Police Station, dakong alas-3:30 ng madaling araw naganap ang insidente.

Binabagtas ni Teofilo ang Kawit patungo sa direksiyon ng Bacoor City, north bound, habang ang biktima ay sakay ng motorsiklong Rusi Macho galing Kalayaan ay patungo sa direksiyon ng Centennial Road, South bound (Noveleta).

Pagsapit sa junction ng Centennial-Kalayaan sa Brgy Magdalo-Potol, sa Kawit, ay tumama ang motorsiklo ng biktima sa kanang bahagi ng sasakyan ni Teofilo.

Kapwa nagkaroon ng sira ang dalawang sasakyan pero napuruhan ang katawan ni Obnigama kaya isinugod sa Kalayaan Hospital subalit wala ng buhay bago pa man nakarating. ***GENE ADSUARA***

# Mangrove Rehab Project, ilulunsad ng BFAR sa Hagonoy

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Nakatakdang ilunsad ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources o BFAR ang Mangrove Rehabilitation Project sa bayan ng Hagonoy sa Bulacan.

Ito ang kinumpirma ni Agriculture Undersecretary for Agri-Industrialization and Fisheries Cheryl Marie Natividad-Caballero matapos siyang magsagawa ng site validation sa nasa 150 ektaryang magkahiwalay na coastal at fishing community na matatagpuang sa barangay Tibagin.

Layunin ng proyekto na ipatutupad sa pakikipagtulungan sa Department of Agriculture at National Fisheries Research and Development Institute na magkaroon ng pananggalang sa kalamidad at pagbahang dulot ng high tide ang mga residente.

Kasama si BFAR Regional Director Wilfredo Cruz, BFAR Bulacan Provincial Officer Joseph Bitara, mga opisyal ng pamahalaang bayan ng Hagonoy at ilang miyembro ng Municipal Fisheries and Aquatic Resource Management Council, siniyasat ni Natividad-Caballero ang mga lugar na pagtatamnan ng bakawan.

Dito ay ipinakita ang mayamang industriya ng talaba sa Hagonoy at kaakibat nito ang pag-aangkat ng kawayan mula sa iba pang bayan sa Bulacan.

Kagyat namang nabatid ni Natividad-Caballero ang potensyal na maaaring ihatid ng proyekto sa komunidad sakaling matagumpay aniya itong maisagawa.

Iminungkahi niyang tamanan na rin ng kaparehong species ng kawayan ang mga lugar kung saan isasagawa ang proyektong rehabilitasyon upang magkaroon din ng karagdang pagkakakitaan ang mga mangingisda sa lugar.

Ikinagalak naman ng Municipal Agriculture Officer ng bayan na si Cristina Manio na binibigyang prayoridad ng pambansang pamahalaan ang kaligtasan ng mga residente ng Hagonoy lalong-lalo na ng mga kabilang sa sektor ng pangisdaan.

Nasa 8,400 ektarya ang nakatalaga sa produksyon ng aquaculture sa Hagonoy. Humigit kumulang 10,000 mangingisda rin ang inaasahang makikinabang sa magagandang epekto ng mga itatanim na bakawan.

Bukod aniya sa kabuhayan at pamumuhay ng mga taga-Hagonoy maaari rin umunlad ang turismo sa kanilang munisipalidad sakaling maisagawa ang proyekto na maaaring lumikha ng panibagong pagkakakitaan para sa mamamayan. ***(CLJD-PIA 3)***

# Kooperasyon ng lahat, mahalaga para sa kaayusan ng eleksyon

**LUNGSOD NG CABANATUAN (PIA)** -- Kooperasyon ng lahat ang kailangan para sa malinis at ligtas na pagdaraos ng halalan.

Ayon kay 703rd Infantry Brigade Commander Colonel Joseph Norwin Pasamonte, magkakatuwang ang mga kasundaluhan, kapulisan, Coast Guard, at Commission on Elections sa pagbabantay ng seguridad sa rehiyon para sa nalalapit na eleksyon.

Ang hangad aniya ng komite ay ang kooperasyon ng bawat isa ngayong panahon ng halalan na kung saan may ipinaiiral na mga batas para sa kabutihan ng lahat.

Kanyang payo sa mga kumakandidato ay lumaban ng patas, hayaan ang mga mamamayang magpasya nang nais ihalal na manunungkulan at huwag gumamit ng dahas para lamang manalo.

Huwag naman aniyang mag-atubili ang mga mamamayang magsumbong kung nakararanas ng panggigipit o harassment upang mabigyan ng kaukulang pansin at solusyon.

Pahayag ni Pasamonte, bawat kasundaluhan ay magiging bahagi sa pagbabantay ng halalan hindi lamang ang Philippine Army, nariyan din ang Navy at Air Force.

Lagi aniyang nakahanda ang hanay upang umagapay at magbigay suporta sa mga ahensya ng pamahalaan sa pagbabantay ng kaayusan at kaligtasan sa buong panahon ng halalan.

Gayundin ay patuloy ang kanilang operasyon kontra terorismo, ang pagtulong sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan sa paghahatid ng mga programa sa mga pamayanan at ang kahandaang rumesponde sa mga oras ng kalamidad. ***(CLJD/CCN-PIA 3)***

# BSP nagbabala sa mga pekeng bills mula sa ATM machines

**QUEZON CITY (PIA)** - Hinimok ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang publiko na regular na suriin ang mga banknote na ibinibigay ng automated teller machine (ATMs) upang maprotektahan laban sa mga pekeng banknote.

Kung pinaghihinalaang peke ang isang banknote na ibinigay ng ATM, dapat agad itong iulat ng may-ari sa bangko na may-ari ng ATM machine.

"Kung ang isang banknote na ibinibigay ng isang ATM ay pinaghihinalaan na peke, ang may hawak ay pinapayuhan na agad itong i-report sa bangko na nagmamay-ari ng ATM machine," sabi ng BSP.

Magsasagawa ng imbestigasyon ang bangko at kung mapatunayan ang claim, dapat palitan ng bangko ang banknote na in question, dagdag ng BSP.

Ibinahagi ng BSP ang mga paraan kung paano siyasatin ang mga banknote para sa pagiging tunay sa pamamagitan ng "feel, look and tilt" approach:

**FEEL (Salatin)**
**1.** Security Paper
**2.** Embossed Prints
**3.** Tactile Marks

**LOOK (Tingnan)**
**1.** Watermark
**2.** Security Fiber
**3.** Asymmetric Serial Number
**4.** See-through mark

**TILT (Itagilid)**
1. Security Thread
**2.** Concealed Value
**3.** Optically Variable Ink
**4.** Optical Variable Device Patch
**5.** Enhanced Value Panel

Tiniyak din ng BSP sa publiko na ang mga bangko ay nagpakalat ng 'adequate risk management measures' upang mapigilan ang mga insidente ng peke. ***(GRC-PIA IDPD)***

# GENTRI CITY PUPCs, DETAINEES INOCULATED AGAINST COVID-19

**Trece Martires, Cavite (PIA) – The City Health Office of General Trias in coordination with the General City PNP conducted vaccination rollouts for the detainees in the General Trias Police Office in Barangay Bagumbayan and in the General Trias City Jail facility.**

A total of 364 Persons Under Police Custody (PUPC) received their CoVid-19 vaccine 1st dose, and booster shots during the activity initiated by the CHO led by City Health Officer Dr. Jonathan Luseco which was held at the General Trias CPS Custodial Facility in Barangay Bagumbayan on Wednesday, January 19, 2022.

Personnel of the General Trias City Police Station led by Police Major Valero Bueno and Local Police Chief PLtCol. Norman Rañon assisted during the vaccination for the orderly conduct of said activity.

The single dose Johnson&Johnson (J&J) Janssen vaccine, and Moderna Covid-19 vaccine were administered to the PUPCs.

Meanwhile, the vaccination rollout conducted at the General Trias City Jail in Barangay Navarro on Tuesday, January 18, 2022 had partially inoculated about 65% or almost 800 of the 1,200 male and female detainees of the facility with the 1st dose of the CoVid-19 vaccine while a total of 200 fully vaccinated detainees had received their booster shots for additional protection against infection.

"Unti-unti po natin sila nabakunahan hanggang ma-Booster shot sila para na rin sa kanilang mga protection kontra Covid," Dr. Jonathan Luseco said. (We vaccinated them one at a time until they could be given their booster shot for the protection against CoVid-19). ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from Dennis Abrina)***

# 32nd Civil Registration Month Celebration Kicks-Off at CALABARZON




The 32nd Civil Registration Month (CRM) this February is being celebrated and observed in the country pursuant to Presidential Proclamation No. 682 signed on 28 January 1991 by former President Corazon C. Aquino. The Philjppines Statistics Authority (PSA) RSSO IV-A joins the nation in the conduct of various activities with the theme "Improving Civil Registration and Vital Statistics Implementation Strategies through Digital Transformation".As a kick-off activity, a Fun Walk was held this February 2, 2022 wherein employees of PSA assembled as early as 6:00 a.m. and walked the inner and outer main thoroughfare within and across of Fiesta World Mall in Lipa City, Batangas. The 30-minute walk likewise showcase the CRVS Jingle played on mobile speaker while employees waved colorful balloons as they walk observing health protocols. This also served as an endeavor for Health and Wellness of the workforce.

PSA Regional Director, Charita C. Armonia together with Civil Registration and Administrative Support Division (CRASD) Chief, Wilma A. Villafuerte and Statistical Operations and Coordination Division (SOCD) Chief, Benigno F. Perido led the Ribbon Cutting for the 32nd CRM Exhibit situated at the CRS Outlet. During the short program, CRS Outlet Supervisor, Juliedin B. Nohay enjoined the clients to explore the exhibit where they can learn vital information/data related to civil registration.

During the month-long celebration, PSA offices in the country will conduct other activities such as display of streamers, mobile registration, trainings, distribution of information, education, and communication (IEC) materials, 2nd Civil Registration and Vital Statistics (CRVS) Nationwide Quiz Bee for L.oca l Civil Registrars, Civil Registration Quiz Bee for Outlet Supervisors, digital poster and slogan making contest, virtual and in-house seminars/ m e e t i n g s / q u i z z e s among PSA employees and stakeholders.

The PSA believes that these undertakings will strengthen and intensify its commitment and advocacy to deliver effective and efficient civil registration and vital statistics to the public. ***PR***



**ILAN** lamang ang mga ito sa pekeng vaccination card na nakumpiska ng Manila Police District-14 Barbosa Station sa ilalim ng liderato ni Lt.Col. Ramon Nazario na kaagad na nagkasa ng entrapment operation matapos makatangap ng infotxt ukol sa hinggil sa naturang iligal na aktibidad sa paligid ng Quiapo. Arestado ang tatlong suspek na sina Rafael Cayabyab 41, may ari ng Lakay Printing Services; Samil Asmadi, 23, helper; at Ricardo Lugtu, 25, lay out artist. Ayon sa pulisya, P500-P700 ang singilin kapag rush habang kapag maramihan. Patuloy ang paalala ng pulisya maaaring makulong ang mahuhulihan na may tangan na pekeng vaccination cards at dukumento. ***Christian Heramis***

# BPPO pinarangalan sa regional police office

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)-** -Isinagawa ang Oath Taking, Donning of Ranks of Newly Promoted Police Colonels at Awarding ceremony sa Camp Vicente Lim sa Canlubang noong ika-28 ng Enero.

Kabilang sa mga naging awardee sina Batangas Police Provincial Director PCol. Glicerio Cansilao at OIC Calaca Municipal Police Station PMaj Arwin Baby Caimbon.

Ang parangal ay kaugnay sa engkwentro na nangyari kamakailan kung saan habang nagsasagawa ng COMELEC checkpoint sa Brgy. Madalunot sa bayan ng Calaca ay may isang indibidwal na nagpaputok ng baril matapos umiwas sa checkpoint.

Dahil dito, isang engkwentro ang naganap at nakuha sa suspek ang 10 gramo ng shabu at kalibre 36 na baril.

Ayon kay PBGen. Eliseo Cruz, Regional Director PRO Calabarzon ang ipinakitang kagalingan ng kapulisan sa nangyaring egkwentro ay nagpapataas ng morale ng mga pulis.

Samantala sinabi naman ni Provincial Director PCol Glicerio Cansilao na ito ay isang patunay na ang ginagawa ng Batangas PNP ay pinapahalagahan ng higher headquarters.

Makakaasa ang lahat na handa ang kapulisan ng Batangas sa pagsusulong ng isang lalawigang maayos, tahimik at mapayapa. ***(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas may ulat mula sa BPPO)***







# Tama si Atty. Alex Lopez

MARAMING magagandang adhikain si Atty. Alex Lopez sa kanyang pagkandidato bilang alkalde sa lungsod ng Maynila sa nalalapit na halalan.

Hindi ko personal na kilala si Atty. Lopez at kaya lamang nakapukaw sa aking atensiyon ay dahil sa kanyang pananaw hinggil sa mga vendor ng lungsod.

'Katas' din po kasi ako ng pagiging isang sidewalk vendor at minsan ko na itong naihayag sa aking pitak.

Sa pagkakabanggit ni Lopez, dapat ang mga vendor ay ituring na kasosyo o bilang bahagi sa pagpapaunlad ng Maynila.

Ang tingin o pananaw kasi ng nakararami ay nagdudulot sa mabagal na daloy ng trapiko ang mga vendor.

Bukod pa na ang mga vendor ay sinisisi dahil itinuturing na sagabal sa paglalakad ng mga tao.

Tanungin natin ang ating mga sarili, mga vendor lamang ba ang nakakasagabal sa paglalakad ng mga tao at sa daloy ng trapiko?

Batid kong alam ninyo ang kasagutan na iba-iba o marami pang dahilan kaya nga lamang ay tila sa mga vendor palagi nakatuon ang paningin at sisi.

Tama ang pahayag ni Atty. Lopez na isang marangal na trabaho ang pagiging vendor.

Katulad ko na lumaki sa pagtitinda sa bangketa ang naging susi para sa aking pag-aaral.

Sa halip na magnakaw o gumawa ng masama para magkapera ay mas pinili ang pagtitinda sa bangketa.

Mahirap na masarap ang buhay-bangketa at tanging ang mga nagtitinda o nakaranas ng pagiging vendor ang makakapagsabi nito.

Iyon ay dahil nga mas minabuti ang pagtitinda para mamuhay ng marangal.

Sabi nga ni Atty. Lopez, ang pagtitinda ay nararapat lamang pasiglahin.

Kung hindi ako nagkakamali sa panahon noon ni Mayor Mel Lopez ay naisaayos niya ang sistema ng pagtitinda ng mga vendor sa Maynila.

